# UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA ESP 4

Talaan ng Ispesipikasyon

| OBJECTIVES | NUMBER OF DAYS TAUGHT | PERCENTAGE | NUMBER OF ITEMS | ITEM PLACEMENT |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nakapagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito | 5 | 12.5% | 5 | 1,11,13,25,35 |
| 2. Nakapagsusuri ng katotohanan bago gumawa ng anumang hakbangin | 5 | 12.5% | 5 | 26-30 |
| 3. Nakapagsusuri ng katotohanan bago gumawa ng anumang hakbangin o pagsangguni sa taong kinauukulan | 5 | 12.5% | 5 | 3,8,14,33,34 |
| 4. Nakapagninilay-nilay ng katotohanan mula sa mga balitang napakinggan at patalastas na nabasa o narinig | 5 | 12.5% | 5 | 9,17,23,36,37 |
| 5. Nakapagpapakita ng pagkamahinahon sa damdamin at kilos ng kapuwa | 5 | 12.5% | 5 | 2,4,5,7,18 |
| 6. Nakapagninilay-nilay ng katotohanan mula sa mga nababasa sa internet at mga social networking sites | 5 | 12.5% | 5 | 10,12,20,24,31 |
| 7. Nakapagsasagawa nang may mapanuring pag-iisip ng tamang pamamaraaan/pamantayan sa pagtuklas sa katotohanan | 5 | 12.5% | 5 | 6,16,19,22,32 |
| 8. Nakapagpapakita ng paggalang sa iba sa oras ng pamamahinga, kapag may sakit, kapag may nag-aaral at nagsasalita | 5 | 12.5% | 5 | 15,21,38-40 |
| | 40 | 100% | | |

Inihanda ni:

**MARY CRIS R. CABERTE**

**UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA ESP 4**
**SY 2023-2024**

Pangalan: ______________________________ Petsa: ______________

**Panuto : Piliin at itiman ang titik ng tamang sagot.**

1. Napili ka ng iyong guro na siyang maging tagapagdaloy ng palatuntunan,ano ang iyong gagawin?
   A. Pipilitin ko ang aking kamag-aral na palitan ako.
   B. Sasabihan kong ayokong maging tagapagdaloy ng palatuntunan.
   C. Lalakasan ko ang aking loob at tatanggapin ang ibinigay na Gawain.
   D. Magdadahilan ako na masakit ang aking lalamunan at hirap sa pagsasalita.
2. Maraming nilabhang damit ang nanay. Ipinasampay niya ang mga ito kay Aleirah. Ano ang dapat gawin ni Aleirah?
   A. Itago ang mga damit na ipinasasampay ng nanay.
   B. Magkunwari na hindi narinig ang utos ng nanay.
   C. Magsabi sa nanay na hindi niya ito kayang gawin.
   D. Pagtiyagaang isampay ang mga damit para makatulong kay nanay.
3. Oras ng reses, mahaba ang pila sa pagbili ng pagkain sa kantina. Nasa bandang hulihan ng pila si Ahye. Kung ikaw si Ahye,ano ang gagawin mo?
   A. Hindi na pipila at titiisin na lamang ang gutom.
   B. Magtitiis na pumila hanggang sa makaabot sa unahan.
   C. Sisingit sa bandang gitna ng pila para mabilis.
   D. Pupunta sa unahan ng pila at makikiusap na paunahin siya.
4. Narinig ni Aaron na may parating na bagyo at sinuspinde na ang mga klase sa kalapit na lugar.Ano ang dapat gawin ni Aaron?
   A. Makinig sa radio o manood sa telebisyon para sa mahalagang pahayag.
   B. Tawagan ang mga kamag-aral at sabihing wala na rin silang pasok.
   C. Muling matulog dahil wala na rin sigurong klaseng kanilang paaralan.
   D. Magdasal na lalong lumakas ang ulan.
5. Tuwang-tuwa ka dahil pinasalubungan ka ng tatay ng isang kahong “loombands”.Itinago mo ito bago pumasok sa paaralan. Pagdating mo sa bahay, Nakakalat ang mga ito at ang iba ay itinapon ng iyong nakakabatang kapatid. Ano ang gagawin mo?
   A. Mag-iiyak ako.
   B. Aawayin ko ang aking kapatid.
   C. Sasabihin ko sa tatay na paluin ang aking kapatid.
   D. Magtitimpi ako at iaayos ang natitirang “loombands”.
6. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagiging mahinahon sa kilos at damdamin?
   A. Nakikipag-away sa mga ayaw kumampi kapag may ipinaglalaban.
   B. Nakikiayon sa sinasabi ng kapuwa para maiwasan ang gulo.
   C. Nakikipag-usap ng maayos sa kapuwa upang magkaunawaan.
   D. Kumakampi sa mas marami ang umaayon upang hindi mapag-isa.
7. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng totoong pagiging bukas-palad?
   A. Naghulog ng dalawang piso sa collection box kahit walang nakakakita.
   B. Ibinahagi ang pagkain sa katabing walang pagkain dahil nakatingin ang guro.
   C. Dinala ang mga damit na ayaw ng gamitin para sa mga biktima ng baha para magkaroon nang mas madaming puntos ang aming grupo.
   D. Dumalo sa pag-eempake ng mga relief goods para sa mga nasalanta ng bagyo.
8. Bakit kailangang igalang ang kapuwa?
   A. Para mapanatili ang mapayapang pamayanan
   B. Para igalang ka din ng kapuwa
   C. Para walang magalit sa iyo
   D. Para masaya ang lahat

9. Bilang mag-aaral alin sa sumusunod ang paggalang sa karapatan ng may sakit ang kaya mong gawin?
   A. Pagbigay ng prutas at damit
   B. Pagbisita sa may sakit
   C. Pagbibigay ng payo sa may sakit
   D. Pagbibigay ng gamot sa may sakit

10. Paano maipapakita ang pag-unawa sa damdamin ng kapuwa?
    A. Sa pakikiiyak sa kanila
    B. Sa pakikipag-usap sa kanila
    C. Sa pagbibigay ng sariling kuwento sa kanila
    D. Sa Pakikinig sa oras na may problema sila at pagbibigay ng payo.
11. Inagawan ng baon ng iyong kaklase sa loob ng silid-aralan. Ano ang gagawin mo?
    A. Aawayin ko siya
    B. Sasabihin kop o sa aking guro na inagaw ang aking baon ng kaklase ko.
    C. Hahayaan ko na lang siya
    D. Wala sa nabanggit
12. Siningitan ka sa pila ng iyong kaklase sa kantina, ano ang gagawin mo?
    A. Sisingit din ako
    B. Pababayaan ko na lang siyabaka nagmamadali siya.
    C. Sasabihin ko sa kanya na bawal sumingit.
    D. Susuntukin ko siya.
13. Itinulak ka ng is among kalaro dahil gusto niyang mauna sa pagkuha ng tubig sa gripo. Ano ang gagawin mo?
    A. Itutulak ko rin siya.
    B. Mananahimik na lang ako.
    C. Sasabihin ko sa kanya na masama ang nanunulak.
    D. Wala sa nabanggit
14. Kinuha bigla ang iyong pencil case ng iyong kaklase. Ano ang dapat mong gawin?
    A. Iiyak na lang ako.
    B. Sasabihin ko sa kanya na masama ang nangunguha ng gamit ng iba.
    C. Mananahimik na lang ako.
    D. Aawayin ko siya.
15. Kinukulit ka sa silid-aralan ng mga kalaro mo. Ano ang gagawin mo?
    A. sasabihin ko mamaya na lang pagkatapos ng klase.
    B. Lalabas at makikipaglaro ako.
    C. Tatawagin sa loob ng silid-aralan at maglalaro.
    D. Wala akong pakialam.
16. Umiiyak ang iyong kapatid ngunit marami ka pang ginagawang takdang-aralin. Ano ang dapat mong gawin?
    A. Tatapusin ko muna ang aking ginagawa.
    B. Hahayaan kong umiiyak ang aking kapatid.
    C. Sisigawan ko siya upang tumigil sa pag-iyak.
    D. Titigil muna ako sa paggawa at patatahimikin ko siya.
17. Inaway ka ng iyong kapwa mag-aaral, ano ang gagawin mo?
    A. Aawayin ko rin siya.
    B. Sasabihin ko sa kanya na masama ang nakikipag-away.
    C. Mananahimik na lang ako.
    D. Wala akong dapat gawin.
18. Ang iyong guro ay may kausap na magulang ngunit may gusto kang iparating na mahalagang bagay sa kanya. Ano ang gagawin mo?
    A. Makikinig sa usapan ng guro at magulang.
    B. Makikisali sa usapan nila.
    C. Hihintayin munang matapos ang pag-uusap ng guro at magulang.
    D. Patitigilin ko sila sa kanilang pag-uusap.
19. Nakita mong namimilipit sa sakit ng tiyan ang iyong kaklase. Ano ang gagawin mo?
    A. Hindi ko siya papansinin.
    B. Pagtatawanan ko siya.
    C. Sasabihin ko sa aming guro na masakit ang tiyan ng kaklase ko.
    D. Hindi ko siya papansinin dahil lagi niya akong inaaway.
20. Ano ang gagawin sa mga kaklaseng maiingay?
    A. Makikisali na rin sa mga maiingay na kaklase.
    B. Sasawayin ko sila at pagsasabihan na bawal mag-ingay.
    C. Mananahimik na lang ako.
    D. Susuntukin ko sila upang tatahimik.

21. Pinasalubungan ka ng iyong ninang ng isang malaking balot ng tsokolateng galing Japan. Pag-uwi ninyo ng nanay mo sa bahay, nakita ng iyong kapatid na bunso ang pasalubong na bigay sa iyo.Namilog ang kaniyang mga mata, bakas ang tuwa.
    A. Aalukin ko siya kung gusto niya.
    B. Bibigyan ko siya pati na rin ang iba ko pang mga kapatid.
    C. Tatanungin kosiya kung kumakain siya ng tsokolate.
    D. Kunwari ay sasabihan ko siya na hindi ko siya bibigyan.

22. Nagmamadali kang umuwi dahil may dadaluhan kang birthday party ng iyong kapitbahay.Paglabas mo ng silid-aralan, nakita mong umapaw ang basura sa labas. Ikaw na lang ang tao dahil nauna nang umuwi ang iyong mga kaklase.Ano ang gagawin mo?
   A. Pababayaan ang basura dahil baka mahuli sa birthday party na iyong dadaluhan.
   B. Mabilisang aayusin ang mga basura sa sako bago umuwi.
   C. Magkukunwaring hindi nakita ang umaapaw na basura sa sako.
   D. Magkikibit-balikat dahil hindi naman ikaw ang taga-linis sa araw na iyon.

23. Palagi ninyong nararanasan ang pagbaha sa Metro Manila. Ano kaya ang dahilan kung bakit nagyari ito?
   A. Maling paraan ng pagtatapon ng basura sa ating paligid na bumabara sa mga estero at kanal.
   B. Talagang mas malakas na ang buhos ng ulan sa ngayon.
   C. Masyado nang makapal ang tao sa Metro Manila.
   D. Tinatakpan ng mga tao ang mga drainage.

24. Bakit kailangang malaman ng mga tao na ipinagbabawal ang pagsusunog ng basura?
   A. Maaari itong maging sanhi ng pagkasunog ng mga bahay sa paligid.
   B. Puwedeng i-recycle ang mga patapong bagay na susunugin
   C. Ang pagsusunog ng basura ay puwedeng magbunga ng maruming hangin at kapaligiran.
   D. Ang pagsusunog ay ipinagbabawal ng batas.

25. Naatasan ang iyong pangkat na magtanghal sa palatuntunang inihanda para sa mga mag-aaral mula sa Malaysia upang maipakilala sa kanila ang Kulturang Pilipino. Alin sa sumusunod ang pipiliin ninyo?
   A. Sumayaw ng Pandanggo sa ilaw.
   B. Umawit ng nauusong kanta ngayon.
   C. Lumikha ng bagong himig at tugtugin sa piano.
   D. Sumayaw ng katutubong sayaw ng Malaysia.

26. Hinintay nina Joven at Erika si Renante sa Plasa Mabini kahit na lampas na sa takdang-oras ng kanilang usapan. Sila ay nagpapakita ng pag-uugaling _______.
   A. pagkamatiyaga  B. katatagan ng loob
   C. pagkamahinahon  D. mapanuring pag-iisip

27. Pinilit tapusin ni Pearl ang pagsagot sa takdang-aralin kahit na ito ay may kahabaan. Siya ay _______.
   A. matiisin  B. mapagpasensiya
   C. bukas ang isipan  D. mahinahon

28. Itinapon na lamang ni Mariz ang may punit na damit sapagkat ayaw niyang manahi. Siya ay walang ugaling ______.
   A. pagkamatiisin  B. pagkamahinahon
   C. matatag ang loob  D. pagmamahal sa katotohanan

29. Patuloy pa rin ang ginagawang pagtulong ni Grace sa kanyang kamag-aral na si Nikki kahit madalas itong hindi nakatatapos sa gawain. Si Grace ay nagpapakita ng ______.
   A. pagkamatiyaga  B. malakas ang loob
   C. pagmamahal sa katotohanan  D. mahinahon

30. Natapos nang maayos ni James ang kanyang talumpati sa palatuntunan. Siya ay _____.
   A. matatag ang loob  B. mahinahon
   C. mapagpasensiya  D. mapanuring pag-iisip

**Panuto: Piliin at isulat ang titik ng ipinakikitang pag-uugali sa mga sumusunod na sitwasyon.**

**A** – Katatagan ng Loob;  **B** – Pagkamatiyaga;
**C** – Pagkamapagpasensiya;  **D** – Pagmamahal sa katotohanan;

| Sitwasyon | Pagpapahalagang Ipinakita |
|---|---|

| | |
|---|---|
| 31. Sinasabi ang totoo kahit mapagalitan. | |
| 32. Hindi nagagalit kahit may ginagawang mali ang kamag-aral o kaibigan. | |
| 33. Isinasakatuparan ang iniatang na Gawain kahit hindi madali. | |
| 34. Malakas ang loob na humarap sa maraming tao. | |
| 35. Ipinakikita ang kakayahan kahit kinakabahan. | |

36. Nanonod ng balita ang kuya sa telebisyon tungkol sa lindol sa ibang bansa. Nagkataon na may report kami sa klase tungkol sa balitang napakinggan o napanood. Ano ang dapat kong gawin?
A. Makikinood upang may maitalakay sa klase. B. Hindi ko papansinin ang balita.
C. Manonood pero ayokong italakay sa klase. D. Matutulog na lang ako.

37. Napakinggan ko sa radyo ang bagong produkto na iniindorso ng isang sikat na artista. Ano ang gagawin ko?
A. Bibilhin ko kaagad dahil sikat na artista ang nag-iindorso.
B. Bibili ako dahil gusto kong matikman.
C. Titingnan ko muna at babasahin ko ang nakasulat sa nutrition fact.
D. Wala akong pakialam.

38. Kung naitulak ka habang bumibili ng pagkain, pagsasalitaan mo ba nang masakit ang may kasalanan?
A. Opo, dahil nasaktan ako.
B. Opo, dahil ito ang dapat.
C. Hindi po, dahil maling gumanti sa kapwa.
D. pag-iisipan ko pa po

39. Nagagalit kaba kapag maingay ang katabi mo?
A. Hindi po, dahil kakwentuhan ko siya.
B. Hindi po, kasi wala akong pakialam.
C. Hindi po, ngunit pagsasabihan ko sila na huwag maingay.
D. wala sa nabanggit

38. Magiging mahinahon kaba kung may sunog malapit sa inyong bahay?
A. Hindi po, kasi baka abutin kami.
B. Hindi po, magsisisigaw ako sa takot.
C. Opo, kasi kapag di ako huminahon baka mag "panic" ang iba pang tao.
D. Walang pakialam kasi di naman kami ang nasusunugan.

Inihanda ni:

**MARY CRIS R. CABERTE**